

Pagsulat ng Kuwentong Pambata sa Gitna ng Pandemya: Karanasan sa Pagbuo ng Aklat na may Pananaliksik na Lapit

Cheeno Marlo M. Sayuno

Sa klase ko sa Pagsulat ng Kuwentong Pambata sa *MA Communication Arts* ng Unibersidad ng Pilipinas Los Baños, palagi ang aking bilin na kailangang naikukuwento ang mga karanasan sa lente ng bata. Ibig sabihin, magsisimula ang paglalakbay sa pagsusulat ng pormang ito sa pagkilala sa batang mambabasa. Sa modang *face to face*, bahagi ng kanilang rekisito ang pagtala ng mga obserbasyon sa kagawian ng mga bata sa kanilang paligid: mga kapatid, anak, o pamangkin; mga estudyanteng tinuturuan; o maging mga bata sa komunidad. Baon ang álam sa etika ng pagmamasid sa batang inaaral sa pananaliksik, mas matingkad ang pagkilala ng mga nagsisimulang manunulat ng mga kuwentong pambata sa inaasahang mambabasa.

Kaiba sa pagsulat ng mga katha para sa matatandang mambabasa, kailangan ng dagdag na paghahanda ang pagsulat ng kuwentong pambata. Kung ang isang nagsisimulang manunulat ay nais lumikha, hindi ang kuwentong pambata ang una niyang tatahakin. Kailangan muna niyang kilalanin ang mga pangunahing elemento sa pagsulat ng kuwento bago makapagsulat ng mga kuwentong pambata. Sa pagsulat ng mga kuwentong para sa matanda, mas malapit sa kagyat na karanasan nating mga manunulat ang karanasan ng mga mambabasa. Sa kuwentong pambata, kailangan nating kilalanin ang mambabasang may ibang edad, paniniwala, pagtingin sa mundo, at pagpapakahulugan.

Mahalaga na may harapang pagkilala at pag-oberba sa bata dahil hindi na sasapat ang ating pagbabalik-tanaw sa pagkabata upang makasulat ng kuwento. Bukod sa minsan ay hindi na ganoon katatag ang memorya habang tumatanda, iba na rin ang karanasan ng mga bata sa kasalukuyang panahon. Ang tawag nga rito ni Prensky (2001) ay *digital natives*: wika ng *Internet* ang katutubong wika, malay sa paggamit ng teknolohiya, may pagtingin sa mundo na naiiba sa ating mga *digital immigrants* o mga ipinanganak sa materyal na mundo at unti-unti lamang natutong gumamit ng teknolohiya. Sa pagmamasid, pakikipag-usap, at pakikipaglaro sa mga bata, makikilala ng manunulat ng mga kuwentong pambata ang wika at boses ng bata, ang kanilang mga kinahihiligan at kinaayawan, at ang kanilang espesyal na pagtingin sa mundo.

Higit pa rito, mahalaga na kasama ang mga bata sa iba't ibang klase ng paglikha ng mga tekstong para sa kanila upang huwag humantong sa lumalalang pagkawala ng pagkabata (Postman, 1982). Maraming mga babasahin, palabas sa midya, kasuotan, pagkain, tradisyon, at kultura ang pambata ngunit ginagawang pangmatanda o kaya ay pangmatanda ngunit iniaayon sa batang may ibang karanasan sa kanyang mundong ginagalawan. Kung isasama ang bata sa paglikha ng kuwentong pambata, una na sa pamamagitan ng pagkilala at pagbibigay-boses sa kanila sa mga kuwento, hindi sila maglalaho sa kuwentong para naman din sa kanila.

Bagama't pangunahing sanggunian ang mga naisulat nina Prensky at Postman sa mga paliwanag sa itaas, kailangang pagtuunan ng pansin ang kanilang pagkilala sa batang nasa gitnang uri bilang halimbawa sa kanilang pagkilala sa bata at pagkabata. Halimbawa, ang pagiging *digital native* ng mga kabataan ng bagong henerasyon ay mapag-iibayo lamang kung sila ay mamumulat sa mundong nakapaloob sa teknolohiya, gaya ng mga batang sanggol pa lamang ay nakaharap na sa kanilang mga *tablet* o mga batang nagmamay-ari na ng sariling *smartphone*. Ganito rin ang pinagmumulan ng paliwanag ni Postman. Hindi ba't ang batang may kapasidad na magkonsumo ng mga nilalamang mula sa kulturang popular ay yaong may *access* sa midya at teknolohiya? Panggitnang-uring karanasan ang binibigyang-diin sa kanilang mga nailathalang katha, dahil na rin sila ay mula sa Kanluran. Ngunit kung nais kilalanin ng isang Pilipinong manunulat ang batang Pilipino na magiging mambabasa ng kaniyang kuwento, ang mga konsepto

nina Prensky at Postman ay magiging pang-unang gabay lamang. Ang pagkilala sa batang Pilipino ay magmumula pa rin sa pagkilala sa kanilang natatanging karanasan batay sa kalagayan ng ating bansa.

Mga Hamon sa Pagtuturo at Pagsulat sa CMC

Sa kabilang banda, rekisito ko sa parehong klase sa Pagsulat ng Kuwentong Pambata sa modang *remote learning* na kailangang may kakayahan ang mga gradwadong mag-aaral na makasali sa regular na *synchronous session*. Dahil malaking bahagi ng mga klase sa malikhaing pagsulat ang *workshop*, kailangan pa rin naming magkita sa klase sa pamamagitan ng *computer-mediated communication* (CMC). Ngunit dahil sa pandemya at kawalan ng mobilidad at abilidad ng mga mag-aaral na lumabas at makihalubilo, malaking balakid sa kanila ang rekisitong pagmamasid sa aktwal na bata. Gustuhin ko man, hindi ko naman maaatim na lumabas ang mga matatandang mag-aaral dahil sila mismo ay malalagay sa panganib ng *virus*. Higit pa rito, sila pa ang posibleng magdala nito sa mga batang oobserbahan.

Sa halip, pinayuhan ko na lamang sila na obserbahan ang mga bata sa kanilang bahay kung meron man. Ang iba, inaral ang kanilang mga anak o pamangkin na kasama rin sa bahay. Mayroon namang mga guro na inaral ang mga bata sa kani-kanilang mga klase. Inobserbahan nila ang mga bata sa *online video sessions* o sa mga pinapasang performance task, o kaya naman ay inaalala na lamang nila ang kanilang karanasan nang sila ay nagtuturo pa nang harapan bago ang pandemya, na tila isang malayo nang nakaraan. May iba naman na nanood na lamang ng mga bidyo sa YouTube upang maging sanggunian ng kanilang proyekto. Dahil dito, bagama't mayaman sa konsepto at sa pagsasakapangyarihan sa batang karakter ang kanilang naging pinal na mga kuwento, mapapansin sa kanilang mga likha na may kaunting kakulangan sa pagsusulat sa boses ng bata at sa pagpapakita ng mga kagawian nila. Tila matanda kung magsalita ang ilang batang karakter, o kaya naman ay pangmatanda ang pagtingin sa problema o pagbibigay ng solusyon.

Bukod sa mayayamang kuwento ng aking mga mag-aaral, marami pang mga kuwento ang nailabas nitong kuwarantena, partikular ang mga

kuwentong tungkol sa COVID-19, sa pinagmulan at sintomas, at sa mga dapat gawin upang manatiling ligtas mula sa sakit at kapahamakan. Ilan sa mga kuwentong ito na maaaring i-*download* nang libre ang “*Ikaw ang Aking Bayani*” ng Inter-Agency Standing Committee at “*Si Doktor Li at ang Nakakornang Virus*” na isinulat ni Francesca Cavallo, iginuhit ni Claudia Flandoli, at isinalin sa Filipino ni Eugene Evasco. Ang dalawang kuwentong ito ay nasa wikang Ingles sa orihinal na bersyon at inilathala sa iba’t ibang wika upang maraming makabasa bata sa iba’t ibang panig ng mundo. Naglabas din ang Lampara Books ng “Maging Ligtas sa *Coronavirus*” (sulat ni Evasco at guhit ni Pergy Acuña) at ang Chikiting Books ng “Mahal na mga *Frontliner*” (sulat ni Evasco at guhit ni Jan Rex Casiroman). Ang mga ito naman ay maaaring mabili sa pamamagitan ng website ng Lampara at Precious Pages, o kaya naman ay sa Shopee at Lazada. Mayroon ding mga kuwento nailabas ang UPLB Department of Human and Family Development Studies tungkol sa karanasan ng mga bata ngayong pandemya. Nakukulayang kuwentong pambata na may kaalaman tungkol sa COVID-19 naman ang inilabas ng Philippine Science High School Western Visayas. Libre ang *download* ng mga aklat na ito. *Online* na rin ang pagkonsumo.

Sa pag-aaral ng mga kuwentong ito, mapapansin na nakasentro ang pagkukuwento sa pagbibigay ng teknikal na impormasyon tungkol sa COVID-19 at sa *prescriptive* na wika: kailangang maghugas ng kamay, dapat na palaging may isang metrong layo, palagi dapat na magsuot ng *face mask* at *shield*, at bawal munang lumabas. Dahil paraan din ang kuwentong pambata upang malaman ng mga batang mambabasa ang kailangang gawin sa gitna ng pandemya, tila bumalik ang mga kuwento sa tradisyon ng mga kuwentong pambata na mas tahasang nagbibigay ng mga aksyon na kinakailangang isakatuparan, kaysa sa pagbibigay sa bata ng ahensiya na tuklasin ang dapat gawin. Gayunman, sa huli, nabibigyan ng kapangyarihan ang mga bata sa mga kuwento dahil ipinakita pa rin ang kanilang pagiging mausisa, malikhain, mapagkalinga sa kapwa at mahal sa buhay, at kakayahan na makiramdam at makisimpatiya. Marahil ay naging inspirasyon ng pagsulat ng mga nabanggit na kuwento ang mga natatanaw sa paligid mula sa bintana, ang mga batang kasama sa bahay, ang mga totoong kuwento sa balita, mga personal na karanasan ng pandemya, at ang angking karanasan ng mga manunulat sa pagkatha ng kuwentong pambata. Marahil, mahirap ang makihalubilo sa iba’t ibang klaseng bata upang siyang maging pinagmulan ng mga kuwento.

Samantala, pareho nito ang aking karanasan nang maging bahagi ng isang proyekto para sa Save the Children Philippines (SCP). Sa proyektong ito, ibang isyung pangkalusugan naman ang pokus: gagawa ng mga aklat-pambata na nakasentro sa kalusugan ng mga ngipin. Ito ay bahagi ng kanilang programang *All Kids School Health Involvement and Empowerment (All Kids SHINE)* na naglalayong bigyan ng iba't ibang klaseng suporta ang lokal na pamayanan ng probinsiya ng Rizal, lalo na ang mga Dumagat (SCP *website*, binisita noong Agosto 22, 2021). Dahil may kaunting karanasan sa paglalathala ng mga kuwentong pambata, siguro ay magiging madali ang pag-iisip ng mga kuwento, lalo pa't maaaring pagmulan ng inspirasyon ang pagkakabukod sa mundo dahil sa *lockdown*. Gayunpaman, bahagi ng pangako ko sa SCP ang pagkakaroon ng pananaliksik na lapit ang aking pagsulat. Ibig sabihin nito, hindi lamang ako basta magsusulat batay sa personal na karanasan o mga inspirasyong dala ng musa. Kailangang nakalapat at malapit sa karanasan ng komunidad ang mga kuwento.

Layunin ng maikling papel na ito na ilahad ang proseso ng paglikha ng kuwentong pambata sa kabila ng mga limitasyong dala ng pandemya. Sa unang bahagi, ikukuwento ko ang aking karanasan sa paglikha ng konsepto, pagkalap ng kinakailangang datos, pagsusulat, at pagtatasa ng mga kuwento sa pamamagitan ng paglapit nito sa karanasan ng batang mambabasa at iba pang *stakeholders*. Kasabay nito, magbibigay rin ako ng ilang mungkahi kung paanong makasusulat ng responsable, makapangyarihan, at natatanging mga kuwentong pambata sa pamamagitan ng pagbáka sa ating mga limitasyon bilang mga manunulat.

Pagbuo ng mga Kuwentong Oral Health

Apat na kuwento ang nakatalaga sa akin, isa para sa *kindergarten* at unang tatlong baitang. Kailangang makahingi ng mahahalagang pananaw mula sa iba't ibang sektor: una na sa bata, sa kanilang mga magulang at guro, at sa nars at dentista ng paaralan. Unang plano namin ang magsadya sa mga komunidad ng Antipolo, kung saan may iba pa silang proyekto, upang makakalap ng mga karanasan. Ngunit mahirap at delikado ang mobilidad sa pandemya. Paano ko kaya maisusulat ang mga kuwentong ito?

Naging malaki ang papel ng *online platforms* upang makakuha ako ng mga impormasyon mula sa iba't ibang sektor. Dahil hindi ako makakalap ng impormasyon at mga kuwento ng pagsisipilyo mula sa mga bata, minabuti kong hingiin ang tulong ng kanilang mga magulang. Gumawa ako ng maliit na gawaing maaari nilang pasagutan sa kanilang mga anak, gaya ng halimbawa sa Fig. 1. Sa ganitong paraan, magkakaroon ako ng ideya tungkol sa kanilang nakasanayan sa pagsisipilyo sa paraang komportable din para sa kanila. Ayon sa kanilang mga magulang, isinama nila ang maliit na gawain sa mga hanay ng modyul na kailangang gawin sa paaralan, kaya naman nagawa ito ng kanilang mga anak. Madali ko namang nakausap ang mga magulang sa pamamagitan ng *chat*, *tawag*, o *video conferencing*, kung saan nagkuwento sila ng ilang mga karanasan tungkol sa paghikayat sa kanilang mga anak na ugaliin ang pagsisipilyo.




Fig. 1. Activity sheet nina Larence at Yam Yam tungkol sa mga kagawian nila kaugnay ng pagsisipilyo. Ang paglakip ng mga imahe ay may pahintulot ng kanilang mga magulang.

Para naman sa sektor ng mga guro, nars, at dentistang pampaaralan, gumawa ako ng *open-ended questionnaire* kung saan maaari silang magsulat ng mga kuwento, karanasan, at opinyon tungkol sa kalusugan sa ngipin ng kanilang mga mag-aaral. Kaya lamang, kinailangan nilang gamitin ang karanasan bago magpandemya bilang batayan ng mga sagot. Sa kaso kasi ng Talon Elementary School sa Amadeo, Cavite, pinili nila ang modang *modular* para sa lahat ng mag-aaral. Ibig sabihin, kahit na may pailan-ilan na

may *Internet connection*, mga nakaimprentang modyul pa rin ang ibibigay sa lahat. Sa ganitong paraan, nasa iisang *playing field* ang lahat ng mga mag-aaral. Hindi mararamdaman ng mga walang akses sa *internet* na sila ay nahuhuli. Supplemental lamang ang anumang impormasyon na maaaring makita *online* para sa mga may kakayahan. Dahil dito, hindi na nagawa pang mag interbyu ng mga guro sa mga mag-aaral tungkol sa kanilang pagsisipilyo. Nagbalik-tanaw na lamang ang mga guro, nars, at dentista sa mga natatandaang kuwento tungkol sa mga mag-aaral na tamad magsipilyo at kung paano nila ipinaintindi sa mga bata ang kahalagahan ng pangangalaga sa ngipin. Nakapokus sa mga personal na karanasan at kaalaman ang mga tanong sa *questionnaire at interview guide* na ginamit sa iba't ibang eksperto sa pagkabata.

Batay sa aking naging pangangalap ng impormasyon, marami akong natutunan: Una, alam ng mga bata ang mga dapat gawin upang pangalagaan ang mga ngipin, ngunit ang mga batang nasa mas komportable na estado ng pamumuhay lamang ang nakagagawa nito dahil mayroon silang sapat na pinagkukunan at may panahon ang mga magulang upang tutukan ang kanilang mga anak. Sa kaso nina Larence at Yamyam, sabik silang magsagot ng *activity sheet*, kahit pa hirap sila sa pagsagot ng karaniwang mga modyul sa paaralan, dahil pamilyar sila sa karanasan ng palagiang pagsisipilyo.

Pangalawa, guro ang unang humaharap sa mga problemang pang-ngipin ng mga bata, lalo na't mararamdaman nila ito sa paaralan kung saan marami silang oras na iginugugol. Ayon sa mga guro ng Talon Elementary School, sila ang unang tumutugon kapag may sumasakit ang ngipin. Sila rin ang gumagabay kapag nahihiya ang isang batang hindi nakapagsipilyo dahil sa kakulangan ng perang pambili ng *toothpaste* sa kanilang tahanan.

Pangatlo, mabuting nakalakip sa mga leksyon sa paaralan ang pagkatuto ng pangangalaga sa ngipin. Pang-apat, ang pagiging malinis at maalaga sa ngipin ay hindi maihihiwalay sa pangkalahatang kalusugan at kalinisan. Ibig sabihin, ang batang malay sa pangangalaga sa katawan ay tiyak na maalaga rin sa kaniyang mga ngipin. Ito ang naging inspirasyon ko sa pagbuo ng mga kuwento.

Mga Ngiti sa Gubat at iba pang Kuwento

Mula sa mga nakalap na karanasan gamit ang alternatibong paraan dahil sa pandemiya, nakabuo ang ng kuwento tungkol sa iba't ibang hugis ng mga ngipin para sa Kinder, sa pagkatanggal ng *baby tooth* para sa unang baitang, sa pagiging malinis at malusog hindi lamang sa ngipin kundi sa buong katawan para sa ikalawang baitang, at sa paghahalo ng konseptong pampaaralan at pangangalaga ng ngipin para sa ikatlong baitang. Makikita ang mga kuwentong naisulat ko at isinabuhay sa pamamagitan ng makukulay at kaakit-akit na dibuho nina Iori Espiritu, Harry Monzon, Oliver Arevalo, at Nina Martinez, sa Fig. 2.



Fig. 2. Mga kuwentong oral health ng SCP, ipapamigay sa mga bata sa iba't ibang komunidad.

Inihalo ko sa mga nakuhang kuwento mula sa mga sektor ang mga karanasan ko at ng mga bata sa aking paligid. Halimbawa, noong kasisimula pa lamang ng *community quarantine*, nagising ako sa iyak ng pamangkin na si Zach, limang taong gulang, sa kabilang bahay. Nabunot kasi ang kaniyang ngipin. Upang mapatahan, iba't ibang klaseng paliwanag ang inihain naming mga matatanda sa paligid niya: ang tungkol sa *tooth fairy*, ang pagkabunot ng ngipin dahil sa kakulitan, ang pananakot na hindi na muli itong tutubo. Nang maipaliwanag namin na natural lamang na mabunot ang ngipin, napalitan ang mga iyak ni Zach ng kaniyang paninindigan na muling tutubo ang ngipin. Makalipas ang ilang linggo, malaki na muli ang mga ngiti ni

Zach, ipinagmamalaki ang sumisibol na ngipin. Naging inspirasyon ito para mabuo ang isa sa mga kuwento sa itaas.

Samantala, habang unibersal na karanasan ang matatagpuan sa mga kuwentong “Ang Batang May Pinakamagandang Ngiti,” Ang Batang Ayaw Umuwi,” at “May Blackhole sa Ngipin ni Budin,” natatanging karanasan naman ang nais kong ipakita sa “Mga Ngiti sa Gubat.” Kuwento ito ng magkapatid na maglalakbay sa gubat upang umigib at magsipilyo. Sa kanilang paglalakbay, iba’t ibang mga hayop (at ngipin ng mga ito) ang kanilang matutuklasan. Ang plano sana para sa kuwento na ito ay bumisita sa komunidad upang ako mismo ang makatuklas nga mga hayop na makikita sa komunidad kung saan gagamitin ang mga kuwento. Kaya lamang, dahil sa *community quarantine*, hindi naging posible ang pagdalaw sa lokal na pamayanan ng Antipolo. Kinakailangan kong gamitin ang yaman ng *internet* upang alamin ang mga naiibang hayop na matatagpuan sa mga kagubatan ng Antipolo, partikular sa mga *ecopark* na tiyak ay napupuntahan ng mga bata roon o kaya ay sa natural na tirahan ng mga batang nakatira sa bahaging kagubatan.

Bukod pa rito, kailangan kong pumili ng mga hayop na may iba’t ibang klaseng ngipin, upang maipakita ko ang kasanayan sa pagkatuto na kaugnay ng pagkilala sa mga hayop sa Pilipinas at pagkukumpara ng mga hugis. Mayroon ding pagkatuto sa pagbibilang, na kailangan sa *Kindergarten*, na naipakita sa pamamagitan ng bilang ng hayop na iginuhit ni Espiritu sa bawat pahina. Samakatwid, masasalamon sa karanasan kong ito na, bagama’t palaging nagnanais na makaranas ng pamumuhay sa komunidad upang maging matingkad ang kuwento, kailangang kaharapin ang limitasyon ng pandemya at gawan pa rin ng paraan upang mabuo pa rin ang aklat-pambata. Ang kakulangan sa pinaka-*authentic* na panulat ay sinubukan kong punuan ng yaman sa mga kasanayan sa pagkatuto at sa paglalakbay ng mga batang karakter na hahantong sa kanilang pagpapahalaga sa kalusugan ng ngipin at katawan.

Upang masubok kung aangkop sa mambabasa ang mga aklat-pambata matapos mabuo ang mga ito, dumaan naman ito sa ebalwasyon ng mag eksperto sa *oral health* at maging sa mga guro sa Antipolo at Rizal. Hindi naisagawa ang *kid test*, kung saan aktwal na ipapakita ang mga kuwento sa

mga bata, dahil sa limitasyon muli ng pandemya. Sa halip, magkahalong kuwalitatibo at kuwantitatibo ang ebalwasyon. Gumamit ng *Evaluation Rating Sheet for Print Resources* mula sa *Department of Education (DepEd)* ang SCP na kanilang pinasagutan sa mga gurong nagtuturo sa mababang paaralan. Nahahati sa apat na bahagi ang *evaluation template: content* (na may kabuuang 28 na puntos); *format*, kasama na ang paglimbag, mga dibuho, disenyo at *layout* (72 na puntos); presentasyon at organisasyon ng kuwento (20 na puntos); at katiyakan ng impormasyon (24 na puntos). *Four-point scale* (4–*very satisfactory*; 3–*satisfactory*; 2–*poor*; at 1–*not satisfactory* para sa unang tatlong bahagi at 4–*not present*; 3–*present but very minor*; 2–*present and requires major redevelopment*; at 1–*poor* para sa huling bahagi na nakapokus sa mga kakulangan sa paggamit ng wika at impormasyon) ang naging batayan sa pagmamarka na may total na 144 na puntos.

Batay sa ebalwasyon ng apat na guro mula sa Antipolo para sa *Kindergarten* at tig-dadalawang mga guro sa una, ikalawa, at ikatlong baitang, narito ang average na puntos na nakuha ng apat na kuwento: “Mga Ngiti sa Gubat,” 137.75; “Ang Batang May Pinakamagandang Ngiti,” 143; “Ang Batang Ayaw Umuwi,” 136.5; at “May Blackhole sa Ngipin ni Budin,” 116. Lahat ng mga aklat ay binigyan ng rekomendasyon na “*recommended approval for use in public schools.*”

Mayroon ding bukod na dokumento para sa kuwalitatibong komento tungkol sa paggamit ng wika at pagiging angkop ng mga kuwento sa bata. Nagamit ang mga marka at komento upang patuloy na irebisa ang mga kuwento, habang lahat ng mga gurong sumagot sa ebalwasyon ay nagbigay ng rekomendasyon na magamit ang mga aklat sa mga paaralan at komunidad.

Mga Ilang Payo at Balangkas sa Pagsulat

May kani-kaniyang proseso ng pagbuo ng akda ang mga manunulat ng kuwentong pambata sa bansa, at malaki ang aking respeto rito. Gayunpaman, marahil ay marami sa atin ang nadiskaril sa ating mga diskarte dahil sa pandemya. Batay sa aking karanasan, nais kong maghain ng ilang mga payo kung paanong mas mapagyayaman pa ang pagsulat ng mga kuwentong pambata.

Una na rito ang paghanap pa rin ng mga paraan upang makakalap ng mga karanasan ng mga bata. Maraming mapupulot na obserbasyon mula sa mga magulang. Bukod sa mas madali silang makausap sa pamamagitan ng *online platforms*, sila ang pangunahing nakakamasid sa mga kagawian ng mga bata. Ngunit mainam pa rin kung maririnig pa rin ang boses ng mga bata. Maaaring gabayan ng mga magulang ang kanilang mga anak upang makausap sila mismo ng manunulat, pero kung mahihiya naman ang bata na makipag-usap sa pamamagitan ng *video conferencing apps*, makakatulong ang mga sanayang gawain. Maaaring gumawa ng mga *activity sheet* na sa isang banda ay nakakaaliw sagutan para sa bata habang nakakakalap naman ng datos ang manunulat–mananaliksik para sa binubuong kuwento

Pangalawa, kinakailangan ang pagkonsulta sa mga eksperto sa *subject matter* na nais tahakin sa anumang kuwentong pambata. Sa usapin ng kalusugan, kinakailangan ang opinyon ng mga duktor upang mailapat ang praktikal na kaugalian sa iba't ibang gawaing pangkalusugan. Pagkatapos, bilang manunulat ng kuwentong pambata, kailangan baguhin ang anyo ng mga datos upang manamnam ng batang mambabasa.

Pangatlo, hindi natatapos sa pagsulat lamang ang pagsulat ng kuwentong pambata. Masusi ang ebalwasyon ng mga aklat-pambata, at ang mga gurong may dunong sa kung paanong mailalaki sa pagtuturo ang aklat ang ilan sa makapaghuusga ng kaangkupan ng kuwento sa bata. Sila ang makapagsasabi kung angkop ang pagkakasulat ayon sa wika ng bata at sa mga kasanayan sa pagkatuto ayon sa lebel at asignatura.

Pang-apat, kailangan ng konsiderasyon sa umiiral na polisiya sa edukasyon kung nais na ipasok ang mga aklat-pambata sa pamilyar na karanasan ng paaralan. Halimbawa, ang DepEd ay may taunang listahan ng inaprubahang *supplementary learning resources* mula sa mga ipinang akda ng mga kumpanyang nag-iimprenta ng mga aklat-pambata sa bansa. Sa karanasan naming ikinuwento ko sa papel na ito, may *standard* na *Evaluation Rating Sheet for Print Resources* na siyang batayan ng pagsukat sa kaangkupan ng mga kuwento para sa bata. Mayroon ding mekanismo ang SCP sa kanilang pagrebyu ng mga kuwentong ilalathala ng kanilang organisasyon.

Panglima, ang kuwentong pambata ay para sa bata. Kailangang may paraan upang maibalik sa kanila ang mga kuwentong minina nating mga manunulat mula sa kanilang karanasan. May mga *publisher* na mayroong paraan upang isalang sa *kid test* ang mga kuwento at ilustrasyon bago nila ilathala. Gagamitin naman ng SCP ang nabuo naming mga aklat-pambata upang mapagyamang lalo ang promosyon ng pagpapahalaga sa kalusugan sa pamayanang pinaglilingkuran. Muli ko ring ikinuwento kay Zach ang apat na aklat nang mabuo na ang mga ito. “Ay, bungi rin!” sabi pa ni Zach nang makita ang batang karakter sa “Ang Batang may Pinakamagandang Ngiti,” sabay hawak sa maliit niyang ngipin na nagsisimula nang tumubo.

Makikita sa Fig. 3 ang *framework* na aking nabuo mula sa aking karanasan sa pagsulat ng kuwentong pambata sa panahon ng pandemiya, kung saan ang kapangyarihan ng *Internet* ang pangunahin kong kasangkapan.




Fig. 3. Panukalang Framework sa Pagpaplano at Pagsulat ng Kuwentong Pambata nang may Napapanahong Pananaliksik

Sa panukalang framework, nagbigay ako ng limang mahahalagang proseso sa pagpaplano at pagsulat ng kuwentong pambata na may kamalayan sa pananaliksik ngayong panahon ng pandemya: pagkalap ng karanasan at pagsasaboses sa bata mula sa bata mismo sa tulong ng kanilang mga magulang; pagkalap ng datos mula sa mga eksperto sa tema ng mga aklat; ebalwasyon ng kasanayan sa pagkatuto sa tulong ng mga gurong malay sa

kahingian ng DepEd at sa kung paano itong umiiral sa paaralan; standardisasyon sa mga polisiya ng DepEd at iba pang kasangkot na organisasyon; at pagbalik ng mga kuwento sa mga batang inspirasyon sa pagsulat ng mga ito. Pokus ng *framework* hindi lamang ang pagkakasunod-sunod ng proseso kundi ang pagiging *fluid* ng direksyon ng konsultasyon at pag-alaala, kaya may linyang paalon na tumatagos sa apat na bahagi. Sa pagsulat ng kuwentong pambata, *reflexive* ang paghaharaya ng manunulat kaya kailangan niyang magparoon at magparito sa iba't ibang pinagmulan ng kaniyang kuwento. Ang lahat ng mga ito ay kailangang isakatuparan ng manunulat, dahil sa kasalukuyang kinakaharap ng mundo, sa pamamagitan ng CMC, at dahil sa yaman ng teknolohiya, tiyak na posible pa rin ang paglikha.

Sa paggamit ng CMC, panggitnang-uring karanasan pa rin ang nagiging sentro ng pangangalap ng karanasan ng bata, lalo na't teknolohiya pa rin ang kailangan dito. Dahil dito, marapat lamang na hindi basta malimitahan sa CMC ang interaksyon sa bata. Habang hindi pa sila madadalaw upang makilala at makalaro ngayong pandemya, maaari ring gumamit ng mga *printed modality*, gaya ng naikuwento ko sa papel na ito at ng ginagawa ng Talon Elementary School. Sa ganitong paraan, masisigurong tutugma ang nakuhang karanasan sa mga bata sa babalik na kuwento sa kanila (na sa kaso ng mga aklat-pambata ng SCP ay ginagawa naman ng kanilang mga *staff at volunteer* na dumadalaw sa mga pinaglilingkurang pamayanan para sa kabuuan ng programa).

Sa mga karanasan sa pagtuturo at pagsulat ng kuwentong pambata, masasabi kong malaki ang hamon sa maraming manunulat sa ating bansa na pag-ibayuhin ang pangangalap ng mga tunay na karanasang nais isulat. May dagdag na hamon ang kasalukuyang karanasan ng pandemya. Hindi makakalabas upang makausap ang mga walang boses at akses sa produksiyon ng mga kuwento. Hindi makakapaglakbay ang mga manunulat upang magpayaman ng sariling karanasang magiging inspirasyon sa pagsulat. Hindi rin makapagbabasa ng mayayaman na talaan sa mga silid-aklatan upang makapagbigay ng totoong impormasyon sa mga kuwento. Hindi rin posibleng makipamuhay at makilala ang iba't ibang kuwento ng mundo.

Gayunman, maaaring gamitin ang yaman ng *digital media* upang kahit papaano ay maging pansamantalang pinagkukunan ng mga impormasyon at karanasan. Maaaring magamit ang teknolohiya para sa *archival work, data gathering* o *construction*, at birtwal na pagdanas sa karanasan ng iba. Maaaring hindi holistiko ang makalap, ngunit upang mapagpatuloy ang buhay bilang guro, mananaliksik, manunulat, at akademiko, maaari itong maging pansamantalang kasagutan sa mga hinahanap na tanong at karanasan.

At ang pagsulat ng kuwentong pambata sa panahon ng pandemiya? Sa huli, at pinakamahalaga, ang pagsulat ay palaging may kalakip na pagmamahal at pagbibigay ng pag-asa sa mga batang mambabasa. Sa aking personal na palagay, ang manlilikha ng mga katha para sa bata ay palaging nasa tamang direksyon kung may pagmamahal siya sa mga bata, may respeto at tiwala sa kanilang kakayanan na magharaya at umunawa, at may paniniwalang makapangyarihan ang bata. Kung mayroon nito, magiging responsable ang bawat akda at palaging magluluwal ng mga kuwentong magpapayaman sa pagkabata, nasa gitna man ng pandemya.

Pasasalamat

Lubos ang aking pasasalamat sa mga mag-aaral ko sa COMA226 (Writing Children's Literature) nitong unang semestre, AY 2020-2021, para sa kanilang dedikasyon na makabuo ng mga kuwentong pambata sa kabila ng naiibang karanasan sa remote learning. Nagpapasalamat din ako kina Ms. Fe Guilalas at Ms. Carol Sobejana ng SCP All Kids SHINE Project para sa pagtitiwala sa akin na sumulat ng mga kuwentong pambata, gayundin sa advisor na si Ms. Sierra Paraan, mga guro at nars ng Talon Elementary School, mga kaibigang magulang at kanilang mga anak, mga evaluator mula sa DepEd Antipolo at Rizal, at mga consultant na dentista, para sa paglalaan ng panahon upang maisulat at mapaunlad ang mga kuwentong pambata. Malaki rin ang aking pasasalamat sa pamangkin na si Zach, na nagging inspirasyon ng aking mga kuwento para sa proyekto.

MGA SANGGUNIAN

- Oral health in the Philippines*. Save the Children. (n.d.). <https://www.savethechildren.org.ph/our-work/our-stories/story/oral-health-in-the-philippines/>.
- Postman, N. (1982). The Disappearing Child. In *The Disappearance of Childhood*. NY: Delacorte Press.
- Prensky, M. (2001). Digital Natives, Digital Immigrants. *On the Horizon*, Vol. 9, No. 5.
- Save the Children Philippines welcomes health and hygiene grant from Cardinal Health Foundation*. Save the Children. (n.d.). <https://www.savethechildren.org.ph/our-work/our-stories/story/save-the-children-welcomes-cardinal-health-foundation-grant/>.
- Save the Children Philippines (n.d.). *Oral Health Framework*. Proposed Phase III Extension Program. Save the Children All Kids SHINE.

MGA NABANGGIT NA AKLAT-PAMBATA

- Botor, N. (2020). *Ang Madyik Karwahe ni Kartriona*. Guhit ni Espina, D. UPLB Department of Human and Family Development Studies.
- Bustos, A.R. (2020). *Merienda Na!* Guhit ni Pillois, S.K. UPLB Department of Human and Family Development Studies.
- Cavallo, F. (2020). *Si Doktor Li at ang Nakakoronang Virus*. Salin ni Evasco, E. Guhit ni Flandoli, C. Undercats, Inc.
- del Rosario, K. (2020). *Ang Mga Maskara ni Miko*. Guhit ni Fabula, R.A. UPLB Department of Human and Family Development Studies.
- del Rosario, K. (2020). *Isang Metro*. Guhit ni Espina, D. UPLB Department of Human and Family Development Studies.
- Evasco, E. (2020). *Maging Ligtas sa Coronavirus*. Guhit ni Acuña, P. Lampara Books.
- Evasco, E. (2020). *Mahal na mga Frontliner*. Guhit ni Casiroman, J.R.B. Chikiting Books.
- Larroder, A., Sampiano, J.C., Socrates, L.D. (2020). *Kabataan Laban sa COVID-19: Isang Kuwento-Pangkulay na Libro*. Guhit ni Cardona, R.J. Philippine Science High School Western Visayas.
- Patuck, H. (2020). *Ikaw ang Aking Bayani: Ganito Malalabanan ng mga Bata ang COVID-19*. Inter-Agency Standing Committee.

- Sayuno, C.M.M. (2021). *Ang Batang Ayaw Umuwi*. Guhit ni Arevalo, O. Save the Children Philippines.
- Sayuno, C.M.M. (2021). *Ang Batang May Pinakamagandang Ngiti*. Guhit ni Monzon, H. Save the Children Philippines.
- Sayuno, C.M.M. (2021). *May Blackhole sa Ngipin ni Budin*. Guhit ni Martinez, N. Save the Children Philippines.
- Sayuno, C.M.M. (2021). *Mga Ngiti sa Gubat*. Guhit ni Espiritu, I. Save the Children Philippines.